wcb Workers' Compensation Board – Alberta

Nasaktan ka ba habang nagtatrabaho?

Hingin ang agarang paunang lunas na kailangan mo, pagkatapos ay sundin ang mga hakbang na ito.

1 Ipaalam sa employer mo ang mga detalye ng iyong pinsala.

Pagkatapos maabisuhan, inaatasan ng batas ang iyong employer na iulat ang pinsala sa loob ng 72 oras kung:

- Kailangan mo ng panggagamot bukod sa paunang lunas, o
- May napalampas kang oras na dapat nasa trabaho o nagbago ang iyong trabaho pagkatapos ng araw ng aksidente.
- Kadalasan, inaatasan ang iyong employer na panatilihin ang iyong posisyon habang nagpapagaling ka kung mahigit isang taon ka nang nagtatrabaho para sa kanya.

2 Ipaalam sa iyong doktor, physiotherapist, o chiropractor na napinsala ka sa trabaho.

- Inaatasan sila ng batas na iulat ang pinsala sa WCB sa loob ng 48 oras.
- Ipaalam sa iyong doktor na matutulungan siya ng WCB na pabilisin ang pagsusuri at mga konsultasyon para sa iyo, kung kinakailangan.

3 Ipagbigay-alam sa WCB — karapatan mo ito.

Mag-ulat kaagad online sa www.wcb.ab.ca.

Maaaring may mga kopya rin ang iyong employer ng form para sa pag-uulat.

Mag-ulat kaagad

Kung matatanggap kaagad ng WCB ang iyong impormasyon, mas mabilis ka nilang matutulungan na gumaling.

Tandaan

Ang binagong trabaho ay isang ligtas na paraan para ipagpatuloy ang iyong trabaho. Kausapin ang iyong doktor at employer para malaman ang mga bagay na magagawa mo sa trabaho habang nagpapagaling.

Kailangan mo ba ng higit pang impormasyon?

Tumawag nang toll free sa 1-866-922-9221 o bisitahin ang aming website sa ***www.wcb.ab.ca***

Tandaan: Inaatasan ang mga employer sa ilalim ng Workers' Compensation Act, Seksyon 145, na ipaskil ang poster na ito sa isang lugar kung saan makikita ito ng mga empleyado.

WCB-123 REV AUGUST 2018